

# Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Mayroon ka bang mga alagang hayop sa iyong tahanan? Paano mo sila pinapangalagaan?

Malaking bahagi ng ating buhay ang mga hayop. Tinutulungan tayo ng mga ito sa ating kabuhayan. Nagbibigay sila ng maraming mga bagay at serbisyo na mahalaga sa ating mga buhay.

Tutulong sa iyo ang modyul na ito upang maintindihan mo ang kahalagahan ng mga hayop sa tao. Malalaman mo ang mga paraan kung paano sila nakatutulong sa atin kahit na minsan ay pinagmamalupitan natin sila.

Ipapakita ng modyul na ito ang mga wastong pamamaraan ng pag-aalaga at pagprotekta sa mga hayop. Ano ba ang kailangan ng mga tao? Ating alamin ang mga ito.

Nahahati sa dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Ano ang Gagawin Namin Kung Wala Kayo?*

Ipapaliwanag ng araling ito ang kahalagahan ng mga hayop sa tao. Malalaman mo kung ano ang kabutihan ng mga hayop sa atin. Nagbibigay sila ng pagkain, tumutulong sa iba't ibang mga gawain, nagsisilbing kaibigan natin, at marami pang iba.

Aralin 2 – *Kung Mag-aalsa ang mga Hayop, Ano ang Mangyayari?*

Sa araling ito, matututuhan mo ang tungkol sa kalupitan na dinaranas ng mga hayop mula sa mga tao kahit na marami silang naitutulong sa mga ito. Bubuksan nito ang iyong isipan kung papaano sila aalagaan ng wasto. Tatalakayin din ang tamang pag-aaruga at pagtrato sa mga ito.



# Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos mong aralin ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:

- ipaliwanag ang kahalagahan ng mga hayop sa ating pamumuhay;
- kilalanin ang mga benepisyong nakukuha natin mula sa mga hayop;

- ipakita ang tamang pag-aaruga at pagpapangasiwa sa mga hayop; at
- makapagbigay ng iba't ibang paraan ng pagkalinga sa mga hayop.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang modyul na ito, sagutan ang pagsusulit upang makita kung ano na ang naintindihan mo tungkol sa ating paksang tatalakayin. Basahin nang mabuti ang mga pangungusap. Isulat ang **TAMA** kung tama ang pangungusap, **MALI** kung hindi tama.

__________________ 1. Malaki ang naitutulong ng mga hayop sa atin kaya dapat natin silang pangalagaan.

__________________ 2. Mayroong mga hayop na walang silbi sa tao.

__________________ 3. Hindi lahat ng hayop ay magiliw sa tao.

__________________ 4. Ang mga hayop ang pangunahing pagkain ng mga tao.

__________________ 5. Dapat nating ipatingin ang ating alagang pusa at aso sa beterinaryo paminsan-minsan.

__________________ 6. Dapat pakainin ang mga hayop ng wastong dami ng pagkain sa wastong oras.

__________________ 7. Upang maiwasan ang impeksiyon, dapat hayaang mamatay ang hayop kung may sakit.

__________________ 8. Nagdiriwang tayo ng isang Espesyal na Araw para sa mga Hayop upang ipakita ang ating pagmamahal sa kanila.

__________________ 9. Okey lang na pabayaan ang mga asong lumaboy sa daan.

_________________ 10. Ang mga naubos na lahi ng mga hayop (*extinct*) ay makikita pa rin sa zoo.

Kamusta ang iyong pagsusulit? Sa tingin mo ba mataas ang nakuha mong marka? Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 23–24.

Kung tamang lahat ng iyong kasagutan, magaling! Ipinapakita nito na marami ka nang nalalaman sa paksang ito. Maaari mo pa ring basahin ang modyul upang balik-aralan ang mga alam mo na. Malay natin, may matututuhan ka pang mga bagong konsepto dito.

Kung nakakuha ka naman ang mababang marka, huwag mag-alaala. Ang ibig sabihin niyan, para sa iyo ang modyul na ito. Matutulungan ka nito upang maintindihan ang mga mahahalagang konsepto na maari mong gawin sa iyong pang-araw araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, malalaman mo ang mga kasagutan sa itaas at marami pang iba! Handa ka na ba?

Maari ka nang magsimula sa Aralin 1.

# Ano ang Gagawin Namin Kung Wala Kayo?

Mayroon ba kayong mga daga sa bahay? Baka gusto niyong mag-alaga ng pusa. Mayroon ba kayong problema sa mga magnanakaw? Subukan ninyong kumuha ng aso. Natatandaan mo ba kung ano ang kinain mo kaninang umaga? Ang itlog na kinain mo at ang gatas na ininom mo ay galing din sa mga hayop. Ilan lamang ito sa mga benepisyong nakukuha natin mula sa kanila.

Ang aralin na ito ang magtatalakay ng kahalagahan ng mga hayop sa tao. Matapos mong basahin ang aralin, may kakayahan ka nang:

- magbigay ng iba't ibang gamit ng hayop sa tao; at
- magbigay ng mga halimbawa ng mga produktong galing sa hayop at sabihin kung saan ito nanggaling.

## Basahin Natin Ito

Narinig mo na ba ang tungkol sa pagbibinyag ng mga hayop na isinagawa noong Oktubre 1998? Alam mo ba kung ano ang ipinagdiriwang sa araw na ito? Basahin ang isinaling artikulo mula sa Phil. Daily Inquirer sa ibaba para malaman mo.

**Philippine Daily Inquirer**

Lunes, Oktubre 5, 1998

100 Hayop Bininyagan



Sa kauna-unahang pagkakataon, isang daang mga hayop ang bininyagan sa *St. Francis of Assisi Catholic Church*.

Isinagawa ang binyag upang maiangat ang kaalaman ng mga tao sa pagkalinga sa mga hayop at sa kalikasan.

Ang kakaibang pangyayaring ito, sa pangunguna ni Rev. Francis Carey, ay nasaksihan ng maraming mga tao, kasama na ang mga may-ari ng mga hayop. Sa maikling sandali, nagmukhang zoo ang simbahan dahil sa ingay at dami ng mga hayop na bininyagan. Maraming mga hayop tulad ng ibon, aso, ahas, kuneho, tupa at iguana ang dumalo.

1. Ano sa tingin mo ang mensahe ng selebrasyon?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Kung mayroon kang pagkakataong dumalo sa selebrasyong ito, papabinyagan mo ba ang iyong alagang hayop? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ikumpara ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 24.



## Pag-isipan Natin Ito

Isang paraan ng pagsalubong sa isang komunidad ay pagbibinyag. Ipinapakita ito sa artikulong binasa mo sa naunang pahina. Tinatanggap natin ang mga hayop sa ating komunidad. Nakikita natin ang binyag at ang kahalagahan ng mga ito sa ating buhay. Tingnan ang iyong kapaligiran. Sigurado akong ikaw at ang iyong mga kapitbahay ay may mga alagang hayop o nagtatrabaho kasama sila kagaya ng mga kalabaw na nag-aararo sa bukid.

Sa susunod na pahina, makakakita ka ng mga larawan tungkol sa mga benepisyong nakukuha natin mula sa mga hayop. Maaari mo ba silang kilalanin? Isulat sa kahon ang titik ng tamang deskripsiyon sa bawat larawan.

a. Tumutulong ang mga kalabaw sa pag-aararo sa bukid.


b. Nagsisilbing transportasyon ang mga hayop, gaya ng kabayo para sa mga tao at bilihin.

c. Nagbibigay ang mga hayop ng maraming masusustansiyang pagkain.


d. Nakakatulong ang mga pusa sa pagpuksa ng mga peste tulad ng daga.

e. Nagbibigay ng proteksiyon ang mga aso sa ating pamilya at tahanan.


1. ☐




2. ☐




3. ☐



4. ☐




5. ☐



Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 25.

Tama bang lahat ang iyong mga kasagutan? Kung oo, magaling! Kung mayroon ka namang mga pagkakamali, huwag mag-alala. Magpatuloy sa pagbabasa upang marami kang matutuhan.



## Alamin Natin


Maraming naitutulong ang mga hayop sa tao. Hindi lamang nagsisilbing alagain ang mga hayop na domestikado kagaya ng mga aso at pusa. Buhat pa sa pagbibigay ng makakasama at libangan, mayroon din silang espesyal na papel na ginagampanan. Kagaya ng nakita mo sa mga larawan sa pahina 6, nagbibigay ang mga aso ng proteksiyon sa kanilang mga amo at tahanan. Sigurado akong nakakita at nakarinig ka na ng asong nananahol ng mga taong di kilala. Mapapakinabangan din ang mga pusa sa bahay. Hinahabol nila ang mga dagang sumisira sa ibang kagamitan ninyo sa bahay at kumakain ng inyong pagkain.

Kapag bumibisita ka sa probinsya, napapansin mo ba ang mga kalabaw at baka sa bukid? Tumutulong ang kalabaw sa pag-aararo ng bukid. Ang mga baka, baboy, manok ay pinagmumulan ng mga produktong pagkain. Kung gayon,  maaaring mapagkakitaan ang mga ito. Hindi lamang karne ang kanilang ibinibigay, nakakakuha din tayo ng gatas galing sa mga baka at itlog mula sa manok.



Ang mga ibon ay nagsisilbing alaga din ng mga tao. Marami sa mga di-pangkaraniwang ibon ay makukulay samantalang nakapagsasalita naman ang iba. Nagbibigay ng karne at itlog ang mga ibong kagaya ng manok at pato. Alam mo ba na ang balot ay galing sa pato? Talagang masarap sila at masustansiya!

Kapag gumigising ka sa umaga, naririnig mo bang tumitilaok ang manok? Hindi ka ba nasisiyahan dito? Maliban pa dito, ginagamit din sila na pansabong. Nagbibigay sila ng aliw sa maraming mga Pilipino.



May pakinabang din sa atin ang mga balat ng hayop. Nakakakuha tayo ng lana galing sa mga tupa at amerikana na mula sa iba't ibang balahibo ng hayop. Nakakakuha din tayo ng sutla sa mga silkworms na gumagawa ng mga hibla nito.Ginagawa ding belt, bag, sapatos, at iba pa ang mga balat ng hayop.

Ngunit hindi lahat ng hayop ay may direktang kahalagahan sa ating mga buhay. Ang mga hayop tulad ng langgam at ibang maliliit na organismo ay tumutulong sa pagpapanatili ng balanse ng ecosystem at sa tanikala ng pagkain (*food chain*).

#  Subukan Natin Ito

Isulat ang mga iba't ibang klase ng hayop na nakikita sa iyong komunidad. Sa kabilang bahagi, maglista ng mga benepisyong ibinibigay nila sa tao. May mga halimbawa nang ibinigay.

| **Uri ng Hayop** | **Mga Benepisyo** |
|---|---|
| *Halimbawa*: | |
| 1. Aso | Nagbibigay ng kasama; Proteksiyon |
| 2. Baka | Nagbibigay ng karne (beef) |

Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto*, pahina 25.

## Tandaan Natin

Mahalaga ang mga hayop sa ating buhay. Heto ang ilan sa kanilang mga gamit at kahalagahan sa tao:

- Nagbibigay ang mga hayop ng pagkain.
- Nagbibigay ang mga hayop ng proteksiyon.
- Tumutulong ang mga hayop sa ating trabaho at gawain, tulad ng pag-aararo sa bukid, transportasyon, atbp.
- Nagbibigay ang mga hayop ng pagkakakitaan o ikabubuhay.
- Nagbibigay ang mga hayop ng mga bagay tulad ng sutla, sinturon, sapatos, belt, atbp.
- Pwedeng maging kasama ang mga hayop.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Buuin ang mga pangungusap sa ibaba sa pamamagitan ng pagpuno sa mga puwang ng tamang titik.

1. Domestikadong hayop ang mga pusa at aso. Nagbibigay ang aso ng P _ o _ _k _ iy _ n. Hinahabol ng mga pusa ang mga _ aga na karaniwang mga peste ng tahanan.
2. Nakakakuha tayo ng g _ t _ s mula sa baka at _tl _g mula sa manok at pato.
3. Tumutulong ang mga kalabaw sa pag- _ _ rar_ ng bukid.
4. Ang mga tupa ay nagbibigay ng l_ n _ galing sa kanilang balahibo.
5. Ang mga hayop ay tumutulong sa pag-ba_ _ _se ng ecosystem ng mundo at pagpapanatili ng t _nik _l_ ng pagkain.

Ikumpara ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 25.

# Kung Mag-alsa ang mga Hayop, Ano ang Mangyayari?


Sabi nila "man's bestfriend" ang aso. Kung kaibigan natin ang mga aso, dapat ay minamahal at inaalagaan natin ang mga ito. Gaya ng tao, may pangangailangan din ang mga hayop. Kailangan nila ng pag-aaruga, pagmamahal at proteksiyon. Marami tayong benepisyong nakukuha mula sa kanila kaya hindi dapat natin sila pagmalupitan. Ating irespeto ang kanilang mga karapatan. Matuto tayong pangalagaan sila sa pinakawastong pamamaraan.


Matapos mong basahin ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:


- kilalanin ang mga pangangailangan ng mga hayop;
- alamin kung ano ang makabubuti at makasasama sa mga hayop;
- ipaliwanag ang mga pamamaraan sa pangangalaga ng mga hayop; at
- unawain ang pagkokonserba ng mga hayop.


## Basahin Natin Ito

Alam mo ba kung ano ang pabula? Ang pabula ay isang kuwento kung saan ang mga hayop ang karakter. Mapupulutan ang kuwento ng mabubuting aral. Nag-iisip, nagsasalita at umaasta parang tao ang mga hayop sa isang pabula. Isang pabula tungkol sa mga alagang hayop ni Mang Berto ang nasa ibaba . Sana ay masiyahan ka sa pagbasa nito.




Narinig mo ba iyon, Muning? Mayroon siyang punto. Minsan mapang-api talaga yang si Mang Berto. Lagi kong binabantayan ang kanyang bahay kapag wala siya. Nakikipaglaro ako sa kanya tuwing darating siya galing sa trabaho pero nakukuha pa rin niyang sipain ako.
Sa tingin ko lahat tayo ganoon ang nararamdaman. Hindi niya ako ipinagmalaki maski na noong nakapatay ako ng maraming daga na maaring sumira sa kanyang mga kagamitan.


Masama din ang loob ko. Pagod na pagod ako sa kakadala ng mga produkto niya ngunit linalatigo pa rin ako.
Kami namang mga manok, parati siyang binibigyan ng karne at itlog. Pero hindi rin niya kami pinapakain ng maayos.
Mayroon isang bagay na kailangan nating gawin. Tayo'y magprotesta. Huwag tayong magtrabaho para sa kanya. Pabayaan natin siya sa paggawa ng lahat ng mga gawain sa bukid. Walang magbibigay sa kanya ng pagkain at wala ding tutulong sa kanya sa bukid.


Nagsilisan ang mga hayop. Nang makita sila ni Mang Berto…..
Huwag kayong umalis! Pangako, hindi ko na kayo pagmamalupitan. Papakainin ko kayo ng husto at ibibigay ang lahat ng pangangailangan ninyo.
Hindi kami naniniwala sa iyo! Matagal na naming tiniis ang mga pahirap na ibinigay mo sa amin. Hindi mo ipinagmamalaki ang mga ginagawa namin para sa iyo. Binibigyan ka namin ng pagkain at tinutulungan ka namin sa iyong mga gawain sa bukid ngunit ganito pa ang igaganti mo sa amin – kalupitan!







## Pag- usapan Natin Ito

Basahing muli ang pabula. Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Maaari kayong magdiskusyon ng iyong mga kaibigan.

1. Bakit nagrereklamo ang mga hayop?

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

2. Ano ang naramdaman ni Mang Berto noong nalaman niyang gusto siyang layasan ng mga alaga niyang hayop?

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

    ____________________________________________________________

3. Kung ikaw ang isa sa mga hayop, magrereklamo ka rin kaya? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

4. Mayroon ka bang mga alagang hayop sa bahay? Anu-ano ang mga ito?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5. Paano ba nakatutulong ang mga alaga mo sa iyo?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ikumpara ang iyong mga kasagutan sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp.26–27.



## Tandaan Natin

Isang maikling kuwento ang pabula kung saan ang mga pangunahing karakter ay mga hayop. Nagbibigay din ito ng mga aral sa atin.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Natanto mo mula sa pabula na may pangangailangan din ang mga hayop. Kung makakapagsalita lamang sila, sasabihin nila kung inaaruga mo sila ng husto at kung binibigyan mo sila ng sapat na atensiyon.


Kagaya ng mga tao, kailangan ng mga hayop ang tamang pagtrato upang lumaki sila ng malusog at malakas. Kung hindi mo sila pangangalagaan ng husto, magkakasakit sila at mamamatay. Hindi nating gustong mangyari ito dahil marami tayong benepisyo na nakukuha mula sa mga hayop.


Paano natin papangalagaan nang husto ang mga hayop?


Pag-aralan ang mga larawan sa ibaba. Nagpapakita ba ang mga ito ng wastong pag-aaruga sa mga hayop? Kung oo, lagyan ng (4) ang kahon na nasa kaliwang bahagi ng larawan. Kung hindi, lagyan ng (8) ang kahon.













Ikumpara ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 27.

Nagpapakita ang mga larawan ng mga wastong paraan ng pag-aalaga sa mga hayop. Samantalang may mga iba rin na nagpapakita ng mga kalupitan na hindi dapat natin ginagawa.


## Alamin Natin

Paano natin dapat pangalagaan ang mga hayop?

Una sa lahat, dapat bigyan natin sila ng sapat at wastong pagkain. Bigyan din natin sila ng malinis na tubig na iinumin. May iba't ibang pangangailangan sa pagkain ang mga hayop kagaya din ng mga tao. Una sa lahat dapat nating alamin kung anong klase ng pagkain ang makabubuti sa kanila.

Pangalawa, dapat bigyan natin sila ng wastong silungan. Kailangan ilagay natin sila sa isang lugar na mapoprotektahan sila sa mga ibang tao at hayop. Mahalaga ang paglilinis ng kanilang mga silungan upang hindi sila makakuha ng sakit. Kung nakatira ang mga ito sa kagubatan, dapat protektahan ang kanilang tirahan sa mga nangangaso at namumutol ng kahoy.


Kung mayroon kang mga alagang hayop gaya ng aso o kuneho, makabubuti sa kanila na makawala paminsan-minsan. Hayaan silang maglaro at maglakad. Mainam ito na ehersisyo para sa kanila.



Pangatlo, dalhin ang mga hayop sa beterinaryo kung may karamdaman sila. Ang beterinaryo ay isang doktor sa mga hayop. Kung mayroon silang mga karamdaman, bigyan sila ng tamang gamot na ipinayo ng beterinaryo. Dapat ding bigyan ng bakuna laban sa rabis ang mga aso at pusa.

Ang rabis ay isang virus na nakaaapekto sa mga *warm-blooded* na hayop. Kapag kinagat ng hayop ang isang tao, mataas ang tsansa ng pagkakaroon ng rabis. Kalimitan itong nakukuha sa mga hayop na may rabis. Nakamamatay ang rabis sa mga tao at hayop.

Panghuli, ipakita sa kanila na talagang pinapangalagaan mo sila. Bigyan sila ng sapat na oras at atensiyon. Gaya ng mga tao, mayroon din silang pakiramdam.






## Subukan Natin Ito

Basahin ang isinaling tula sa ibaba at sagutan ang mga sumusunod na katanungan.

### Ang Nagtatrabahong Aso



Ang mata ko at mga mata mo,
Upang bantayan at protektahan ang sa iyo.

Ang mga tenga ko at tenga mo,
Upang marinig ang mga masasamang
bagay sa dilim.

Ang ilong ko ay ilong mo,
Upang maamoy ang nananalakay sa
iyong sakop.

At nang ikaw ay mabuhay, sa iyo rin ang
buhay ko.

-di kilala ang may-akda-

1. Ano ang sinasabi ng tula tungkol sa mga aso?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “sakop”?

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________


3. Kung  may alaga kang aso, paano mo ito tratuhin?

_______________________________________________________

_______________________________________________________

_______________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 28.



## Pag-usapan Natin Ito

Nakapunta ka na ba sa zoo? Masaya bang tingnan ang iba’t ibang uri ng hayop? Ang zoo ay isang lugar kung saan ay pinangangalagaan ang mga iba’t ibang hayop. May mahalagang parte din silang ginagampanan upang mailigtas ang mga *endangered animal* na mawala o malipol.

Ano ang mga *endangered animal*? Ano ang ibig sabihin ng mawala o malipol?

Kapag sinabi nating *endangered animal*, tinutukoy nito ang mga hayop na malapit nang mawala. Ibig sabihin, kapag ang mga natitirang hayop ay namatay, hindi na sila muling makikita sa mundo. Mawawala na sila magpakailanman. Mawawala ang mga hayop kapag ang huling uri ay namatay.

Maraming mga dahilan upang  malagay sa panganib o di kaya’y malipol ang mga hayop. Maari mo bang mabigay ang ilan sa kanila?

1. _______________________________________________________

2. _______________________________________________________

3. _______________________________________________________


Libo-libong mga hayop ang nalilipol bawat taon. Kung gayon, kinakailangang ang pangangalaga sa mga hayop (*animal conservation*). Nangangahulugang ito ng pag-iingat at pagprotekta sa mga hayop, lalo na sa mga nanganganib.

Maaari ka bang magbigay ng ilang endangered animals?


_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Ang aguila at butanding ay dalawa sa endangered animals sa Pilipinas. Matatagpuan ang aguila sa Davao at ang butanding sa Sorsogon. Iba't ibang proyekto ang isinasagawa upang proteksiyunan at pangalagaan ang mga hayop na ito.



Philippine Eagle



Whale shark or butanding

Magbigay ng ilang paraan na makatutulong upang mapangalagaan ang mga endangered animals.

1. ___________________________________________________________

2. ___________________________________________________________

3. ___________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 28–29.



## Magbalik-aral Tayo

A. Punuin ang patlang sa pamamagitan ng pagbilog ng tamang kasagutan.

1. Nangangailangan ang mga hayop ng (atensiyon, pagtatakwil, pagpapabaya) at pag-aruga mula sa atin.

2. Kinakailangang malinis at ligtas mula sa panganib ang kanilang mga (sakit, tirahan, pagkain).

3. Kinakailangang dalhin ang mga may sakit na hayop sa (doktor sa utak, doktor sa bata, beterinaryo) upang maipagamot.

4. Ang (pagmamalupit, pagmamahal, debosyon) sa mga hayop ay nangangahulugang brutal at masamang pakikitungo sa mga hayop.

5. Isang mikrobyo ang (lason, rabis, sakit) na naikakalat sa pamamagitan ng kagat ng isang hayop na may rabis.

6. Ang mga (nalipol, namatay, nanganganib) na hayop ay nangangahulugang mga hayop na malapit nang mawala kung hindi natin sila ililigtas.

7. Ang (zoo, paaralan, gubat) ay isang lugar kung saan pinangangalagaan ang iba't ibang mga hayop. May mahalagang parte itong ginagampanan upang pangalagaan ang mga endangered animal.

8. Ang (pabula, kuwentong bibit, tula) ay isang kuwento kung saan mga hayop ang tauhan.

9. Isa sa dalawang nanganganib na hayop sa Pilipinas ang (bangus, maya, butanding).

10. Isa pang nanganganib na hayop ang (agila, pating, dolpin).

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 29.



## Tandaan Natin

Tulad ng mga tao, may pangangailangan din ang mga hayop. Kailangan nila ng tamang pag-aaruga at pangangasiwa. Paano natin sila aarugain?

- Dapat bigyan ang mga hayop ng tamang uri at bilang ng pagkain at tubig.

- Kailangan nila ng malinis at ligtas na tirahan. Kailangang hayaan silang makagalaw sa labas ng kanilang mga kulungan paminsan-minsan.

- Dapat gamutin ang mga hayop laban sa mga sakit at karamdaman. Dalhin sila sa beterinaryo upang mapatingnan.

- Dapat bigyan ang mga hayop ng kaukulang atensyon at pag-aaruga.

Kailangang iwasan ang pagmamalupit sa mga hayop sa anumang paraan. Kailangan silang pangalagaan at proteksiyunan. Maraming hayop ang nalalagay sa panganib o di kaya'y nalilipol bawat araw.

Tinatawag na *endangered animals* ang mga hayop na maaaring mawala pagdating ng panahon. Nawawala ang mga hayop kung ang huling uri ay namatay.

Ang *zoo* ay isang lugar kung saan pinangangalagaan ang iba't ibang hayop. May mahalagang parte itong ginagampanan upang proteksiyunan ang mga hayop laban sa pagkalipol.

Magaling! Malapit ka nang matapos sa buong modyul. Upang tulungan kang matandaan ang ilang mahahalagang bagay na ating napag-aralan, basahin ang buod ng modyul sa ibaba.



## Ibuod Natin

Niyakap mo ba ang iyong pusa ngayon? Pinakain mo na ba ang iyong mga manok? May malaking pakinabang sa atin ang mga hayop. Mayroon silang ibinibigay sa atin o nagsisilbi sa atin bawat araw. Natatandaan mo pa ba ang mga nagagawa nila para sa atin?

- Nagbibigay ang mga hayop ng iba't ibang uri ng masusustansyang pagkain.
- Ang mga hayop ang nagpoproteksiyon sa atin at sa ating kabahayan.
- Tumutulong ang mga hayop upang matanggal ang mga peste sa bahay.
- Tumutulong ang mga hayop sa ating kabuhayan; nagbibigay sila ng pagkakakitaan.
- Tumutulong ang mga hayop sa ating pang-araw araw na gawain.
- Nagbibigay ang mga hayop sa atin ng kasiyahan at karamay.
- Nagbibigay ang mga hayop sa atin ng mga materyales sa paggawa ng sapatos, sinturon, damit, atbp.

Talagang marami tayong nakukuha mula sa mga hayop. Upang makaganti, inaaruga ba natin sila? Inilalagay ba natin sa ating isipan na sila rin ay may buhay tulad natin? Paano natin sila aarugain?

- Dapat bigyan ang mga hayop ng sapat na pagkain at tubig.
- Dapat silang bigyan ng malinis at ligtas na lugar upang mabuhay.
- Dapat silang gamutin kung sila ay may sakit. Ang pagpunta sa beterinaryo paminsan-minsan ay kinakailangan.
- Hindi dapat saktan ang mga hayop.
- Kailangan silang bigyan ng atensiyon at pagmamahal.

Responsibilidad nating lahat ang pangangalaga sa mga hayop. Kailangan nating itigil ang pagmamalupit sa mga hayop at ipaglaban ang kanilang mga karapatan.




## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

A. Maglagay ng (4) sa patlang kung ang pangungusap ay **tama**. Maglagay ng (8) kung ang pangungusap ay **mali**.

_____ 1. Ang mga hayop ay nagbibigay sa atin ng sapatos, balat na maleta, sutla, atbp.

_____ 2. Nakakakuha tayo ng karne, itlog, gatas at iba pang mga pagkain mula sa mga hayop.

_____ 3. Hindi nangangailangan ng pagmamahal at atensiyon ang mga hayop.

_____ 4. Kailangang dalhin at gamutin ng beterinaryo ang mga may sakit na hayop.

_____ 5. Kinakailangan bigyan ng bakuna laban sa rabis ang mga hayop tulad ng aso at pusa.

_____ 6. Isang nanganganib na hayop ang agila .

_____ 7. Ang endangered animals ay mga hayop na malapit nang malipol.

_____ 8. Direktang nagbibigay ng benepisyo sa tao ang lahat ng mga hayop.

_____ 9. Ang zoo ang nagbibigay pabahay sa iba't ibang uri ng hayop.

_____10. Tumutulong ang mga hayop upang balansehin ang kalikasin at *food chain*.

B. Kararating lamang ng iyong Kuya Mike galing sa ibang bayan. Dinalhan ka niya ng isang magandang tuta. Kulay puti ito na may batik na kayumanggi. Tinawag mo itong Skip. Paano mo ito aalagaan? Maglagay ng (4) sa mga tamang paraan upang mapangalagaan ang mga aso.

- Makipaglaro sa aso.



- Dalhin ito sa beterinaryo kapag ito ay may sakit.
- Hayaan itong gumala sa paligid.
- Bigyan ito ng sapat na pagkain at tubig dalawang beses isang araw.
- Pakitaan ito ng pagmamahal at atensiyon.
- Huwag hayaang makawala ito sa kulungan. Itali palagi.
- Bigyan ito ng bakuna laban sa rabis.
- Sipain kung ito'y hindi nakikinig sa iyo.
- Bigyan ito ng malinis at ligtas na tirahan.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 30.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. Tama
2. Tama

   May mga hayop na wala namang tuwirang benepisyo para sa atin. Halimbawa nito ang mga pesteng tulad ng ipis at uod. Nakasasama ang mga ito sa ating kalusugan.
3. Tama

   Mayroong mga mababangis na hayop na nakagigiliw sa mga tao. Halimbawa ng mga ganitong hayop ay ahas, tigre na maaring umatake at manakit ng tao.
4. Tama

   Nakadepende ang tao sa mga hayop para sa kanilang pagkain, tulad ng karne ng baboy, baka, manok, isda, keso, gatas at marami pang iba.
5. Tama

   Dapat inaalagaan ang mga hayop kapag may karamdaman. Maaari din silang magkaroon ng mga impeksiyon na nakahahawa sa tao. Dapat binabakunahan ang mga pusa at aso laban sa rabis na maaring makamatay sa hayop at tao.
6. Tama

   May iba't ibang pangagailangan sa pagkain ang mga hayop. Alamin mo kung ano ang nararapat kainin ng alaga mo.
7. Mali

   Kapag may sakit ang mga hayop, dapat gamutin at alagaan ang mga ito. Ipinapayo na ang mga ito ay dalhin sa beterinaryo. Hindi makatarungan kung hahayaan nalang silang maghirap at mamatay.
8. Tama

   Ipinagdiriwang sa iilang bansa ang Espesyal na Araw para sa mga Hayop. Nag-iiba iba ang petsa ng pagdiriwang ito sa ibat ibang lugar, ngunit malimit itong ipagdiwang tuwing buwan ng Oktubre.

9. Mali

   Hindi dapat pinapakawalan ang mga aso basta-basta. Kailangan bigyan natin sila ng ligtas at malinis na silungan. Kung papakawalan natin ang mga ito, maaari silang makakuha ng sakit at mamatay.

10. Mali

    Ang hayop na nalipol ay mga hayop na hindi na nabubuhay. Nawawala ang isang uri ng hayop kung ang huling *species* nito ay namatay na.

## B. Aralin 1

*Basahin Natin Ito (pp. 4–5)*

1. Sa aking palagay, ang pagbibinyag sa mga hayop ay isinagawa upang mas respetuhin ng mga tao ang hayop. Isinagawa ito upang maipakita sa mga tao na may karapatan din ang mga hayop. Ang pagbibinyag sa mga ito ay nagsasabing magkasing-level ang mga tao at hayop. May buhay din sila na kailangang bigyan ng respeto.

2. Heto ang ilan sa mga posibleng sagot:

   a. Oo, papabinyagan ko ang aking alaga. Sasali ako sa kampanya para maipaalam sa mga tao na dapat maprotektahan ang mga hayop. Gusto kong makibahagi sa pagpapakita sa mga tao na may karapatan din at kailangang irespeto ang mga hayop.

   b. Oo, dahil gusto kong makasali ang aking alaga sa relihiyong kinabibilangan ko.

   c. Hindi, ayaw kong pabinyagan ang aking alaga. Hindi naman kailangan ang pagbibinyag ng mga hayop. Marami namang ibang paraan upang maipakita na may karapatan at kailangang proteksiyunan din ang mga hayop.

   d. Hindi, naniniwala ako na ang selebrasyon ay walang respeto sa simbahan at sa mga seremonya ng simbahan.

*Pag-isipan Natin Ito (pp. 5–6)*

1. B
2. C
3. E
4. D
5. A

*Subukan Natin Ito (pahina 8)*

Heto ang ilan sa mga posibleng kasagutan:

a. baka – gatas; karne
b. kambing – gatas; karne
c. pusa – pagsasamahan, tumulong sa pagpatay ng mga peste sa bahay kagaya ng daga
d. isda – pagkain
e. manok – karne; itlog
f. bubuyog – honey
g. pato – karne; itlog
h. kalabaw – tumutulong sa pag-aararo sa bukid

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 9)*

1. proteksiyon; daga
2. gatas; itlog
3. pag-aararo
4. sutla
5. balanse; tanikala ng pagkain (food chain)

## C. Aralin 2

*Pag-usapan Natin Ito (pp. 12–13)*

1. Nagrereklamo ang mga hayop dahil sa kalupitan ni Mang Berto. Hindi sila binibigyan ng sapat na pagkain, tubig, pag-aaruga at atensiyon kahit na marami silang naitutulong sa kanya.

2. Ayaw ni Mang Berto na iwanan siya ng kanyang mga alaga. Kaniyang nakita ang kahalagahan ng mga hayop na ito na nangangailangan din ng wastong pag-aaruga at atensiyon.

3. Heto ang ilan sa mga posibleng kasagutan:

   a. Oo, iiwanan ko si Mang Berto. Nagtatrabaho ako upang maibigay ang lahat ng pangangailangan niya. Karapatan ko din ang matrato nang mabuti. Hindi ako maaring magtrabaho para sa isang among malupit. Mamamatay ako kung hindi ako aalagaan ng husto.

   b. Hindi ko iiwanan si Mang Berto. Ako ay isang hayop lamang at kailangan kong pagsilbihan siya. Dapat gawin ko ang lahat ng gusto niyang ipagawa sa akin. Hindi ako dapat umasa ng kahit ano sa kanya.

4. Mga posibleng kasagutan:

   a. aso

   b. pusa

   c. isda

   d. manok

   e. baka

   f. kalabaw

   g. kambing

   h. baboy

5. Ang mga kontribusyon:

   a. aso – pagsasamahan; proteksiyon

   b. pusa – pagsasamahan; tumutulong sa pagpuksa ng mga peste sa bahay

   c. isda – karne, dekorasyon

   d. manok – karne; itlog

   e. baka – karne; gatas


   f. kalabaw – karne; tumutulong sa bukid

   g. kambing – karne; gatas

   h. baboy – karne

   *Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 13–14)*

4




8




8



4



4



8



*Subukan Natin Ito (pp. 16–17)*

1. Sinasabi ng tula ang tungkol sa mga benepisyong nakukuha natin sa mga aso. Nakasaad dito ang pagpoprotekta nila sa atin at sa ating tahanan. Nalaman natin mula sa tula na ang mga aso ay tapat at mapagmahal na mga hayop.

2. Ang ibig sabihin ng salitang “sakop” ay ating mga tahanan at kagamitan.

3. Kung mayroon akong alagang aso, aalagaan ko itong mabuti. Bibigyan ko ito ng pagmamahal, sapat na pagkain at komportableng silungan. Ililigtas ko ito sa mga kasamaan kagaya ng pagliligtas nito sa akin. Parati kong sisiguruhing malinis at malusog ito.

*Pag-usapan Natin Ito (pp. 17–18)*

Heto ang ilang mga posibleng dahilan kung bakit nanganganib ang mga hayop o kaya’y nalilipol:

1. Ang pagdami ng populasyon ng mga hayop ay naging sanhi ng pagkaunti ng kanilang pagkain at pagliit ng lugar na kanilang tinitirahan. Ang nangyayari, nag-aaway at nagpapatayan sila.

2. Nanganganib ang buhay ng maraming mga hayop dahil sa pangangaso at pangangalakal. Maraming mga tao ang nanghuhuli ng mga ibon at iba pang mga hayop bilang isport o para sa pera. Maraming mga di-pangkaraniwang ibon ang ibinebenta at iniluluwas sa malalayong lugar. Sa prosesong ito, nangamamatay sila.

3. Isa pang dahilan ang polusyon sa pagkalipol ng mga hayop. Kapag nagtatapon tayo ng basura sa karagatan, maraming mga isda at hayop dito ang nangamamatay dahil sa lason at pagtulo ng langis.

4. Isa pang dahilan ang paggamit ng mga kemikal sa pagkawala ng mga hayop. Nalalason ang ilan sa kanila sa mga kemikal na ginagamit nating pampatay ng mga insekto at peste.

Makikita sa ibaba ang ilang mga hakbang upang makatulong ka sa pagliligtas ng mga endangered animal:

1. Mag-recycle. Tipirin ang mga papel. Nakatutulong ang pagrerecycle sa pagtitipid ng mga punong puputulin para makagawa ng papel. Nagiging tirahan ang mga punong ito ng maraming mga hayop.

2. Huwag magdulot ng polusyon sa iyong kapaligiran. Panatilihing malinis ang iyong komunindad. Itapon ang mga basura sa tamang mga lugar.

3. Isumbong sa mga awtoridad tungkol sa mga pangangaso sa iyong lugar.

4. Tumulong sa pagkakalat ng impormasyon tungkol sa mga nanganganib na hayop at kung paano sila papangalagaan. Makatutulong ito sa pagkaunawa ng mga tao sa paksang ito.

5. Suportahan at makilahok sa mga organisasyong nangangalaga sa mga hayop.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 18–19)*

1. atensiyon
2. silungan/ tirahan
3. beterinaryo
4. pagmamalupit
5. rabis
6. nanganganib
7. zoo
8. pabula
9. butanding
10. Philippine eagle/agila

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 21–22)*

A. 1. (4)

2. (4)

3. (8)

Gaya natin, kailangan ng mga hayop ng pag-aaruga at atensiyon. Kailangang pangalagaan natin sila nang mabuti. Alamin ang kanilang pangangailangan. Makipaglaro at mag-ukol ng panahon para sa kanila.

4. (4)

5. (4) – Kailangan pabakunahan ang mga hayop laban sa rabis upang maiwasan ang paglipat nito sa mga tao.

6. (4)

7. (4)

8. (8)– hindi lahat ng mga hayop ay may naitutulong sa tao. Ang mga ipis, daga, lamok at langaw ay mga karaniwang peste na makasasama sa tao. May maliliit na hayop ang hindi direktang benepisyal sa mga tao pero mahalaga. Tumutulong ang mga ito sa pagbalanse ng *ecosystem* ng mundo at ang *food chain*.

9. (4)

10. (4)

B. Galing sa ibang lugar ang iyong Kuya Mike. Pinadalhan ka niya ng tuta na mayroong batik na kayumanggi. Gusto mo itong tawaging Skip. Paano mo ito aalagaan? Maglagay ng tsek (4) sa mga wastong paraan sa pag-aalaga ng aso.

- 4 Makipaglaro sa aso.
- 4 Dalhin ito sa beterinaryo kapag ito ay may sakit.
- Huwag hayaang makawala ito sa kulungan. Itali siya palagi.



- Hayaan itong gumala sa paligid.
- 4 Bigyan ito ng bakuna laban sa rabis.
- 4 Bigyan ito ng sapat na pagkain at tubig dalawang beses isang araw.
- Sipain ito kung siya'y hindi nakikinig sa iyo.
- 4 Pakitaan ito ng pagmamahal at atensiyon.
- 4 Bigyan ito ng malinis at ligtas na tirahan.



## Talahulugan

**Animal Conservation** Pangangalaga, pag-iingat at pagprotekta sa mga hayop, lalo na ang mga nanganganib.


**Endangered animals** Mga nanganganib na hayop o malapit ng malipol.

**Malilipol** Mawawala na ang mga natitirang hayop magpakailanman.

**Pabula** Isang maikling kuwento na ang mga gumaganap o karakter ay mga hayop; may aral ditong mapupulot.

**Rabis** Isang lason o kamandag na nanggagaling sa mga nahawang hayop at tao.

**Zoo** Isang lugar kung saan naninirahan ang ibat ibang klaseng hayop.



## Mga Sanggunian


*Endangered Species*. <http://library.thinkquest.org/19689/data/es.html > February 2, 2001, date accessed.

Greenberg, Lowell J. 2001. *Animal Care.* Earthrenewal. org. <http://www.earthrenewal.org/lowell.htm> January 10, 2001, date accessed.

Middendorf, James T. 2001. *Dog Owner's Guide: Rabies*. <http://www.canismajor.com/dog/rabies.html> Canis Major Publications. February 15, 2001, date accessed.

National Center for Infections Diseases. 2000. *Rabies—Introduction*. <http://www.cdc.gov/ncidod/dvrd/rabies/Introduction/intro.htm> January 11, 2001, date accessed.

Philippine Daily Inquirer. *100 Animals Baptized.* October 5, 1998 issue, Manila, Philippines.

Zoological Society of London. *Animal Conservation*. <http://www.weboflife.co.uk/animal> February 20, 2001, date accessed.